



County of San Diego

Pagbuo Sa Kinabukasan



Pinagtibay na Plano sa Pangangasiwa para sa 2022-23

Komprehensibong Buod



Nora Vargas
Superbisor
Unang Distrito



Joel Anderson
Superbisor
Ikalawang Distrito



Terra Lawson-Remer
Superbisor
Ikatlong Distrito



Nathan Fletcher
Superbisor
Ikaapat na Distrito



Jim Desmond
Superbisor
Ikalimang Distrito

Helen N. Robbins-Meyer
Punong Opisyal na Pampangasiwaan

L. Michael Vu
Katulong na Punong Opisyal na Pampangasiwaan



Helen N. Robbins-Meyer
Punong Opisyal na Pampangasiwaan

Mensahe sa Pinagtibay na Plano sa Pangangasiwa

Sa tulong ninyo, binubuo namin ang kinabukasan ng County ng San Diego!

Isang kinabukasan na makatuwiran, sustainable at matatag. Isang kinabukasang nakatuon sa equity para sa lahat. May sapat na lakas para malampasan ang paghihirap at makabangon muli. At may sapat na pagtanaw sa hinaharap para magtaguyod ng pag-unlad habang pinapangalagaan ang ating kapaligiran at mga likas na yaman para sa mga susunod na henerasyon.

Natutugunan ng ating bagong \$7.36 na bilyong badyet para sa taon ng pananalapi 2022-23 ang mithiing iyon, na bubuo sa balangkas na itinaguyod ng ating Lupon ng Mga Superbisor.

Kasama rito ang suporta para baguhin ang ating sistema sa kalusugan ng pag-uugali at gamutin ang paggamit ng substance. Pagpopondo para makagawa ng mga lugar na matutuluyan ng mga nakakaranas ng kawalan ng tirahan. Pera at karagdagang tauhan para masuportahan ang mga pamilya sa bahay at sa trabaho. Mga aksyon at bagong opisina para magbigay ng hustisya at equity para sa lahat ng lahi sa lahat ng aming serbisyo. Pamumuhunan sa ating mga komunidad, mula sa mga bagong pasilidad hanggang sa mga hardin ng komunidad. Mga tauhan at resource para matulungan ang mga imigrante sa kanilang mga pangangailangan sa kanilang bagong tahanan. Kasama rito ang mga aksyon para matugunan ang pagbabago ng klima at hustisya ukol sa kapaligiran. At dahil dito, mas gumagamit ng data para magpasya at magtaya ng mga resulta.


Habang tumutuon sa mga bagong layunin, patuloy naming inihahatid ang aming mga tradisyonal na kinakailangang serbisyo, nang responsableng ginagamit ang mga pondo para sa mga serbisyong pangkalusugan at panlipunan, pampublikong kaligtasan at paggamit ng lupa.

Ang bagong badyet ay mas malaki nang 1.8% kumpara sa badyet noong nakaraang taon, at pinapahusay nito ang mga serbisyo at nagdaragdag ito ng mga empleyado para paglingkuran kayo.

Halimbawa, 100 bagong posisyon para tulungan kayong makakuha ng pagkain, pangangalagang pangkalusugan at iba pang kinakailangang serbisyo para sa mga nangangailangan. Isang daang bagong posisyon para sa Mga Serbisyo sa Kapakanan ng Bata at 40 para sa Mga Serbisyo sa Suporta sa Bata para patatagin ang mga pamilya. Isang daan at labinlimang posisyon para patuloy na palitan ang ating sistema sa kalusugan sa pag-uugali at gawing patuloy na pangangalaga mula sa pagtugon sa krisis. Siyamnapung posisyon para makapagbigay ang Pampublikong Tagapagtanggol ng legal na proteksyon at pagandahin ang mga pagbalik sa komunidad. At 71 bagong posisyon sa pampublikong kalusugan para palakihin ang ating kapasidad sa pampublikong kalusugan.

Para sa lahat ang ating bagong badyet, na hinubog ng iba't ibang impormasyon mula sa komunidad at pagsusuri ng equity sa aming mga operasyon para alisin ang mga matagal nang hindi pagkakapantay-pantay sa ating mga komunidad.

Nakaugat ito sa kasalukuyan— at sa pagbuo ng kinabukasan ng County ng San Diego.



Pagbuo ng Badyet para sa Lahat

Isang makatuwiran, sustainable at matatag na kinabukasan para sa lahat ang minimithi ng County ng San Diego. Sinusuportahan ito ng mga estratehikong inisyatibang ito.



Pangkalahatang Sistema ng Pamamahala

Makakamit namin ang mga layuning iyon sa pakikipagtulungan sa inyo - ang komunidad.

Nasa gitna ng aming modelo ng operasyon ang pakikipag-ugnayan sa komunidad, at nakapalibot sa modelong iyon ang mga pinapahalagahan namin para gabayan ang ginagawa namin.



Mahahalagang Petsa Ukol sa Badyet

Mayo 5 Ilalabas sa Publiko ang Badyet na Inirerekomenda ng CAO	Mayo 19-20 Mga Presentasyon sa Badyet na Inirerekomenda ng CAO	Mga Virtual na Pagpupulong sa Badyet ng Komunidad 5/23: Distrito 3 5/31: Distrito 4 6/2: Distrito 1 6/6: Distrito 5 6/8: Distrito 2	Hunyo 13 nang 9:00 AM Hunyo 16 nang 5:30 PM Mga Pampublikong Pagdinig sa Inirerekomendang Badyet	Hunyo 24 Ilalabas sa Publiko ang Nirebisang Badyet na Inirerekomenda ng CAO	Hunyo 28 Mga Pagtalakay at Pag-apruba sa Badyet
--	--	---	--	---	---

Paano Makibahagi

Lumahok sa mga presentasyon, mga pagdinig, mga pagtalakay at pag-apruba sa badyet sa mga paparating na pagpupulong ng Lupon ng Mga Superbisor.

Manood: [Cable TV](#), [NewsCenter ng County](#), [Website ng County](#), [Vimeo Livestream](#), [YouTube](#), [Facebook](#), [Twitter](#)

Makinig sa telepono: (619) 531-4716



@countyofsandiego



@sandiegocounty



@countysandiego



@SanDiegoCounty

Magbigay ng komento:

- www.sandiegocounty.gov/cob/bosa/
- Online hanggang Hunyo 22
- Sa pamamagitan ng telepono o nang personal sa
- Humiling ng interpretation sa **(619) 531-5434** o **PublicComment@sdcounty.ca.gov**

Tool sa Pagtatasa ng Equity ng Badyet

Ang tool ay isang questionnaire na tumutulong sa mga departamento na mas maunawaan kung paano naaapektuhan ng kani-kanilang badyet ang mga matagal nang marginalized at vulnerable na komunidad. Nagbibigay ito ng balangkas para sa paglalaan ng resource na nagsusulong sa equity.



Equity Lens

Paglalatap ng equity lens para sa lahat ng departamento



Pakikipag-ugnayan sa Komunidad

Hikayatin ang pakikipag-ugnayan



Datos

Paggamit ng datos sa equity na partikular sa departamento



Pananagutan


Pagtiyak na may pananagutan



County ng San Diego PANREHIYONG DATOS

Median na Kita ng Sambahayan

2018	2019	2020
\$74,855	\$78,980	\$82,426



Populasyon

2019	3,340,312
2020	3,331,279
2021	3,315,404

Lakas-Paggawa ng Taumbayan



2019	1,590,600
2020	1,538,400
2021	1,543,700



Antas ng Kawalan ng Trabaho

2020	2021	Pebrero 2022
9.2%	6.5%	4.0%


Median na Presyo ng Bahay



Mga Pang-Isang Pamilyang Bahay		
Enero 2020	Enero 2021	Enero 2022
\$670,000	\$744,000	\$885,000

Mga Attached na Bahay		
Enero 2020	Enero 2021	Enero 2022
\$435,000	\$485,000	\$595,000

Populasyon ng County ng San Diego Ayon sa Lahi, Etnisidad at Edad Kabuuang Populasyon ng 2020: 3,343,349




Source: San Diego Association of Governments 2020 Demographic & Socio Economic Estimates, as of July 2021 reflects latest data available.


- Inaasahan ng SANDAG na patuloy na mas magiging diverse ang populasyon ng San Diego pagsapit ng 2035, na tinatayang: 36.3% White, 41.4% Hispanic, 13.9% Asian at Pacific Islander, 4% Black at 4.4% lahat ng iba pang grupo kabilang ang American Indian.
- Ang County ng San Diego ang may pinakamaraming Indian reservation sa anumang County sa United States – 18

Pinagtibay na Badyet para sa 2022-23

Kabuuang Halaga ng Pinagtibay na Badyet: \$7.36 bilyon




\$7.36 na bilyon sa kabuuan ang mga paglalaan sa Pinagtibay na Badyet para sa Taon ng Pananalapi 2022-23. Ito ay 1.8% na pagtaas sa Pinagtibay na Badyet para sa Taon ng Pananalapi 2021-22.




Kabuuang Bilang ng Mga Tauhan ayon sa Grupo/Ahensya

19,848 (+1,065 / +5.7%)



Paalala: Kasama sa mga bilang ng mga tauhan ang mga part-time na empleyado at maaaring hindi ito tumugma sa kabuuang bilang kapag pinagsama-sama ang mga ito dahil sa pag-round ng mga numero.



Mahigit 2,200 tauhan ang idinagdag sa nakalipas na limang taon para isulong ang mahahalagang priyoridad, kabilang ang mga programa sa kalusugan ng pag-iisip at paggamit ng substance, kawalan ng tirahan, mga serbisyo sa kapakanan ng bata at self-sufficiency, reporma sa hustisya, at pinahusay na suportang medikal at pangkalusugan ng pag-iisip sa mga kulungan.

Mga Priyoridad sa Pamumuhunan

SUPORTA SA KALUSUGAN NG PAG-IISIP AT PAGGAMIT NG SUBSTANCE

- Karagdagang \$81.9 milyon at 115 bagong posisyon para ipagpatuloy ang pagbabago ng sistema sa kalusugan ng pag-uugali mula sa pagtugon sa krisis patungo sa pag-iwas at tuloy-tuloy na pangangalaga
- Mga pinahusay na serbisyo para matulungan ang mga taong may mga problema sa kalusugan ng pag-iisip at sakit sa paggamit ng substance, kabilang ang kabataan at mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan
- Mga pondo para suportahan ang Mga Mobile Team sa Pagtugon sa Krisis, na binubuo ng mga eksperto sa kalusugan ng pag-iisip at hindi ng mga tagapagpatupad ng batas, para tumugon sa isang taong nakakaranas ng krisis
- Mga resource para maitugma sa tamang uri ng pangangalaga ang taong nangangailangan: pangangalaga para sa pagpapagaling, mga serbisyong nakabase sa paaralan, mga serbisyo para sa mga foster na kabataan, at LGBTQ community



EQUITY AT ACCESS

- Patuloy na pagpapatupad ng bagong Tool sa Pagtatasa ng Equity ng Badyet na tumutulong sa mga departamento ng County na gawing priyoridad ang mga serbisyo at alokasyon nang isinasalang-alang ang equity
- Mga idinagdag na resource para sa pakikipag-ugnayan sa komunidad para makapagbigay ng mga oportunidad sa lahat ng miyembro ng komunidad na magkaroon ng mahahalagang gampanin sa mga talakayan at pagpapasya
- Magbibigay ng mas bukas na access sa mga serbisyo at impormasyon ang pinaraming resource sa pagsasalin at interpretation
- \$3.5 milyon para sa bagong Opisina ng Sustainability at Hustisya Ukol sa Kapaligiran (Office of Sustainability and Environmental Justice) para matiyak na may pare-parehong proteksyon ang lahat ng komunidad laban sa mga panganib sa kalusugan
- Ang bagong Opisina ng Mga Pamantayan at Pagpapatupad sa Paggawa ng County ng San Diego (San Diego County Office of Labor Standards and Enforcement) ay magsisilbing sentro para sa edukasyon at mga resource para sa mga employer at kanilang mga manggagawa at para magsulong nga mga hakbang sa pagpapatupad para protektahan ang mga manggagawa



Mga Priyoridad sa Pamumuhunan

PABAHAY AT KAWALAN NG TIRAHAN

- \$11.9 milyon mula sa mga isang beses na stimulus na pondo para magtayo ng abot-kayang pabahay para mabawasan ang kawalan ng tirahan
- \$10 milyon ang ipinagkaloob sa mga lungsod sa buong county para bumili ng mga masisilungan at mga matutuluyan para matulungan ang mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan sa buong rehiyon
- \$3 milyon para alisin ang mga bayad sa permit para hikayatin ang pagtatayo ng mga accessory dwelling unit
- \$810,000 para gumawa ng inclusionary na zoning ordinance kung saan iaatas sa mga bagong pagpapatayo na magsama ng pabahay na abot-kaya ng mga taong nasa median na antas ng kita o nasa mas mababa pa



SUSTAINABILITY AT PAGLABAN SA PAGBABAGO NG KLIMA

- Mahigit \$25 milyon para itigil ang mga pagbubuga ng greenhouse gas sa ating mga unincorporated na komunidad, kabilang ang \$1 milyon para suportahan ang mga istasyon para sa pag-charge ng electric na sasakyan
- Kulang-kulang \$60 milyon para sa iba pang pagpapabuting pangkapaligiran, kabilang ang \$40 milyon para tugunan ang stormwater, \$16.3 milyon sa Programa sa Pangangalaga sa Maraming Species (Multiple Species Conservation Program) at \$3.4 milyon para linisin ang Tijuana River Valley
- Isusulong ang green building at solar energy sa pamamagitan ng pagpapaliban ng tinatayang \$2.1 milyon sa mga bayad sa permit
- Mahigit 3,500 puno ang itatanim sa county
- \$2 milyon para sa dalawang karagdagang sasakyang Live Well on Wheels at isang bagong mobile na laboratoryo ng pampublikong kalusugan para maghatid ng mga serbisyo sa mga residente, para hindi na nila kailanganing gumamit ng mga kotse at makabawas sa mga pagbubuga ng greenhouse gas

Mga Priyoridad sa Pamumuhunan

REPORMA SA HUSTISYA

- Mga resource na nakalaan sa inisyatibong Mga Alternatibo sa Pagkakakulong, na sumusuporta sa mga alternatibo sa kulungan, at mga serbisyo at pangangalaga sa mga taong hindi nagdudulot ng banta sa kaligtasan ng publiko
- Mahigit \$140 milyon ang ipinuhunan sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa mga kulungan ng County
- \$6.2 milyon para sa Youth Development Academy para matulungan ang mga kabataang nakagawa ng mabibigat na krimen sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng mga mas masusi, mas pangmatagalang mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali, rehabilitasyon at pagpapaunlad ng kasanayan
- \$1 milyon para sa pagsasanay sa de-escalation para sa tauhan sa Probation, na sumusuporta sa mga taong pinangasiwaan nila
- Karagdagang \$2.4 milyon para sa Juvenile Diversion Initiative and Transitional Age Youth Diversion program sa opisina ng Abogado ng Distrito para bigyan ang mga bata ng oportunidad na tumanggap ng mga serbisyo at pagpapayo sa halip na pag-uusig
- Magdaragdag ang Opisina ng Pampublikong Tagapagtanggol ng \$21.8 milyon at 90 tauhan para magtanggol ng mga kliyente, magkatawan ng mga imigrante at ng mahihirap sa ating mga kapitbahayan, at padaliin ang mga pagbalik sa komunidad
- Karagdagang \$3.5 milyon at 18 posisyon para palawakin ang mga serbisyo ng Abogado ng Distrito sa mga naging biktima ng krimen, kabilang ang Sentro ng South Bay para sa Katatagan ng Komunidad at Pagpapalakas mula sa Trauma, at programa sa muling pagsesentensya



Mga Priyoridad sa Pamumuhunan

PAGPAPAGANDA SA MGA KOMUNIDAD AT PAGPAPANATILING LIGTAS SA MGA ITO

- \$2.9 milyon para sa lupa sa para sa pasilidad sa pampublikong kaligtasan sa hinaharap sa Interstate 15 at State Route 76
- \$250,000 para makapagsimula ng mga plano at disenyo para sa bagong istasyon ng bumbero sa Jacumba
- Karagdagang \$2.2 milyon para protektahan ang mga komunidad at paliitin ang panganib ng wildfire sa komunidad sa mga unincorporated na lugar sa pamamagitan pamamahala sa mga halaman sa tabing-kalsada at mga fire break
- 71 bagong posisyon sa Mga Serbisyo sa Pampublikong Kalusugan para patuloy na palakasin ang pangkalahatang kakayahan nitong protektahan ang kalusugan ng ating mga residente
- \$1.4 na milyon ang gagastusin para sa mga bago at pinalawak na parke ng County, kasama ang Calavo, Star Ranch, Lindo Lake, Park Circle at ang Waterfront Park
- Popondohan ng \$1 milyon ang Inisyatibo sa Access sa Pagkain para tumulong na gumawa ng mga hardin ng komunidad



PAGSUPORTA SA MGA PAMILYA

- 60 bagong posisyon para sa Mga Pansuportang Serbisyo sa Bahay para sa mga nakatatandang adult at mga bulag o may kapansanan
- 100 bagong posisyon para sa mga kinakailangang serbisyo kasama ang CalFresh at Medi-Cal, para matulungan ang mga taong makuha ang pagkain at pangangalagang pangkalusugan na kailangan nila
- 100 posisyon para sa Mga Serbisyo sa Kapakanan ng Bata para dagdagan ang suporta sa pagtugon sa emergency at de-kalidad na placement para sa mga bata sa pangangalaga, para palakasin ang mga serbisyong pang-iwas sa sakit at ikonekta ang mga pamilya sa mga serbisyong nakabase sa komunidad
- Ang \$31 milyon mula sa Batas sa Plano ng Pagligtas sa Amerikano (American Rescue Plan Act) ay patuloy na magpopondo sa iba't ibang serbisyo, kasama ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip para sa kabataan, suporta para sa mga umuupa at mga programa sa nutrisyon
- Ang bagong Opisina ng Pagpapaunlad sa Ekonomiya at Mga Gawaing Pampamahalaan (Office of Economic Development & Government Affairs) ay magtataguyod ng paglago ng ekonomiya, magbibigay ng mga oportunidad sa sining at kultura, at magsasagawa ng mga programa ng grant na nakatuon sa mga organisasyong nonprofit at nakabase sa komunidad
- Ang bagong Opisina ng Pagsusuri, Pagganap at Analytics (Office of Evaluation, Performance and Analytics) ay gagamit ng datos at analytics para mas mapagbatayan ng mga pasyang nakakaapekto sa ating mga komunidad at nagpapahusay sa paghahatid ng serbisyo



County of San Diego

www.sandiegocounty.gov

1600 Pacific Highway, San Diego, CA 92101